DepEd Advisory No. 68, s. 2014
February 14, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-42 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *PASATAF: Kabalikat sa Pagpapatatag ng Wikang Filipino Tungo sa Daang Matuwid at Patuloy na Pagpapatupad sa Bagong Kurikulum – K to 12* na gaganapin mula Abril 24 hanggang 27, 2014 sa *Teachers Camp (Junior Mess)*, Lungsod ng Baguio.

Ang layunin ng Seminar-Gawaing Kapulungan ay ang mga sumusunod:

1. maisapanahon ang mga kaalaman at kasanayan ng mga guro sa disiplinang Filipino;
2. matalakay ang mga kalakaran sa pagsusulong ng K to 12 Kurikulum;
3. maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
4. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan.

Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga director ng PASATAF, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga punungguro, mga koordineytor/tagapag-ugnay, mga guro ng Filipino sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya (pampubliko at pribado) o sinumang hihiranging kinatawan ng paaralan, *district subject specialists* (DSSs) sa Filipino, mga gurong nagtuturo ng asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, mga mananaliksik, mga mag-aaral sa kolehiyo at antas gradwado na nagpapakadalubhasa sa Filipino at sinumang may interes sa usaping pangwika at pang-edukasyon.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdaragang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Dr. Carmelita C. Abdurahman
  Pangulo
  Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod
  sa Filipino (PASATAF)
  Mobile Phone Blg.: 0916-424-7024; 0908-137-1502

- Dr. Godfrey G. Montera
  Kalihim
  Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod
  sa Filipino (PASATAF)
  Mobile Phone Blg.: 0915-406-4598; 0921-331-6629
  Email Address: pasataf@gmail.com
  Facebook Account: www.facebook.com/pasataf.filipino